# PILAS NG DATOS TUNGKOL SA RICIN

## ANO ANG RICIN?

Ang ricin ay isang lason na likas na matatagpuan sa butil ng kastor. Kapag nanguya at nalulon ang butil ng kastor, ang pinakawalang ricin ay maaaring makapinsala. Ang ricin ay maaaring mabuo mula sa mga materyal na latak mula sa pagpoproseso ng mga butil ng kastor. Ito ay maaaring gawing pulbos, abu-abo o pildoras, o ito ay maaaring tunawin sa tubig o mahinang asido.

## ANO ANG IBA'T-IBANG PARAAN SA PAGGAWA NG RICIN?

Depende sa paghahanda, ang bagsik ng lason ng ricin ay malaki ang pagkaka-iba-iba. Ang **hilaw na paggawa** ay hindi nangangailangan ng anumang proseso. Ang hilaw na paggawa ng ricin ay maaaring kasing-simple sa pagdurog ng butil ng kastor. Ito ay hindi nagdudulot ng malawakang pagkalantad at tiyak na hindi makakapagdulot ng malalang karamdaman o pagkamatay. Ang **konsentradong produkto** ay naproseso sa ilang paraan. Ang konsentradong produkto ay nagdudulot ng panganib, ngunit para lamang sa mga malapit dito na hindi gumamit ng kasuotang pananggalang kapag humahawak sa gamit na nagtataglay ng ricin (hal., isang sulat). Ito ay HINDI nagbabanta ng panganib sa populasyon sa pangkalahatan. Ang **purong produkto** ay ang pinakanaproseso at nakamamatay na preparasyon ng lason ng ricin. Ang purong produkto ay hindi karaniwan dahil sa kung ingat ng manggagawa at teknolohiya upang magawa ito. Dahil sa dami ng butil ng kastor na kailangan upang gumawa ng purong produkto, malamang na hindi susubukang gawin ito ng sinuman nang hindi mapapasin ng mga awtoridad.

## PAANO KAYO MALANTAD SA RICIN?

***Ang pagkalason sa ricin ay madalang, at ang pagkamatay mula sa pagkalason sa ricin ay lalong madalang.*** Ito ay kailangan na sadyang isagawa upang gawin ang ricin at gamitin ito sa paglason sa tao. Ang di-sadyang pagkalantad sa ricin ay napaka-walang katiyakan, maliban na lamang sa pagkain ng butil ng kastor. Kapag ginawang hilaw na materyal o puro upang magamit sa terorismo o digmaan, ang ricin ay maaaring gamitin upang malantad ang tao sa pamamagitan ng hangin, pagkain o tubig. Sa ilang mga pagkakataon, ang pag-iniksiyon ng ricin ay nagsanhi sa pagkalason.

Ang pagkalason sa ricin ay hindi nakakahawa. Ang karamdaman na may kinalaman sa ricin ay hindi maaaring kumalat mula sa isang tao tungo sa iba sa pamamagitan na kaswal na pagharap. Subali't, kung kayo ay humarap sa isang taong may ricin sa kanyang katawan o kasuotan, maaari kayong malantad dito.

## PAANO GUMAGANA ANG RICIN AT ANO ANG MGA SENYALES AT MGA SINTOMAS SA PAGKALANTAD SA RICIN?

Ang ricin ay gumagana sa pamamagitan ng pagpasok sa mga selula ng katawan ng tao at pagpigil sa mga selulang gumawa ng protina na kailangan nila. Kapag walang mga protina, ang mga selula ay mamamatay. Sa bandang huli ito ay mapaminsala sa buong katawan, at maaaring ikamatay. Ang mga epekto ng pagkalason sa ricin ay depende kung ang ricin ay nalanghap, nalulon o nainiksiyon.

MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness and Response

Updated 05/2019

Kung ang ricin ay nalulon, ang mga paunang sintomas ay kadalasang nangyayari wala pang 6-12 oras. Itong mga paunang sintomas ay malamang na makakaapekto sa sistema ng tiyan at bituka at kinabibilangan ng pagkahilo, pagsusuka at pananakit ng tiyan. Ang mga sintomas ng pagkalason ay mabilis nang magtuloy (kadalasan mahigit 12-24 oras) na kinabibilangan ng mga problemang gaya ng matuyuan nang sobra at mga problema sa bato at atay.

Kung ang ricin ay nalanghap, ang mga paunang sintomas ay maaaring mangyari ng kasing-aga ng 4-6 oras matapos malantad, ngunit ang malalalang sintomas ay maaaring mangyari kasing-tagal ng 24 oras matapos malantad. Ang mga paunang sintomas ay maaaring makaapekto sa sistema ng paghinga at maaaring kinabibilangan ng kahirapan sa paghinga, kaikliaan ng paghinga, paninikip ng dibdib at ubo. Ang mga sintomas ng pagkalason sa ricin ay mabilis nang magtuloy (kadalasan mahigit 12-24 oras) na kinabibilangan ng mga problemang gaya ng lumalalang mga sintomas sa paghinga, edema sa pulmon (likido sa loob ng mga baga) at, sa banding huli, pagtigil sa paghinga.

Ang pagkamatay mula sa pagkalason sa ricin ay maaaring mangyari sa loob 36 hanggang 72 oras matapos malantad, depende sa ruta ng pagkalantad (paglanghap, paglulon o iniksiyon) at ang dosis na natanggap.

## PAANO GINAGAMOT ANG PAGKALASON SA RICIN?

Walang panlunas para sa ricin. Samakatuwid, ang pinakamahalagang konsiderasyon ay ang pag-iwas sa pagkalantad sa ricin. Kapag ang pagkalantad ay hindi maiiwasan, mahalaga na maalis ang ricin mula sa katawan sa lalong madaling panahon.

Matapos malantad, ang pagkalason sa ricin ay ginagamot sa pamamagitan ng pagbigay sa biktima ng nakakatulong na paggamot upang mabawasan ang mga epekto ng pagkalason. Ang mga uri ng nakakatulong na paggamot ay depende sa ilang mga konsiderasyon, gaya ng ruta ng pagkalason ng mga biktima (ibig sabihin, kung ang pagkalason ay sa pamamagitan ng paglanghap, paglulon, o pagkalantad ng balat o mata). Ang pangangalaga ay kinabibilangan ng katulad na mga pag-aalaga gaya ng pagtulong sa mga biktima na huminga, pagbigay sa kanila ng likido para sa ugat (mga likidong binibigay sa pamamagitan ng pagturok ng karayom sa ugat), pagbigay sa kanila ng mga gamot upang malunasan ang mga kondisyon na gaya ng pangingisay at mababang presyon ng dugo, paglinis sa kanilang mga tiyan gamit ang pinaaktibong uling (kapag ang ricin ay kalululon lamang), o paghugas ng kanilang mga mata gamit ang tubig kung ang kanilang mga mata ay nairita.

## PAANO NINYO MAPOPROTEKSIYONAN ANG INYONG SARILI KUNG SA INYONG PALAGAY AY NALANTAD KAYO SA RICIN?

Magpahangin agad sa pamamagitan ng paglisan sa lugar kung saan pinakawalan ang ricin. Kung ang ricin ay pinakawalan sa labas, lumayo mula sa lugar. Kung ang risin ay pinakawalan sa loob, lumabas sa gusali.

Kung kayo ay malapit sa pinakawalang ricin, maaaring sabihan kayo ng mga tagapag-ugnay sa emerhensiya na lisanin ang lugar o “magpasilong” sa loob ng isang gusali upang maiwasang malantad.

Kung sa tingin ninyo ay nalantad kayo sa ricin, dapat ninyong hubarin ang inyong kasuotan, agad na hugasan ang inyong buong katawan gamit ang sabon at tubig, at magpagamot sa lalong madaling panahon. Kung may nakalulon ng ricin, huwag piliting pasukahin o bigyan ng mga likidong inumin. Magpagamot agad. Idayal ang 911.

## KARAGDAGANG IMPORMASYON

- preparedness.health.maryland.gov
- facebook.com/MarylandOPR
- twitter.com/MarylandOPR
- health.maryland.gov
- facebook.com/MarylandDHMH
- twitter.com/MDHealthDept

*Ang impormasyon ay mula sa Tanggapan ng Kahandaan at Tugon ng Kagawaran ng Kalusugan at Pangangalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip ng Maryland at mula sa mga Centro sa Pagkontrol at Pagsugpo ng Sakit, https://emergency.cdc.gov/agent/ricin/facts.asp*

MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness and Response

Updated 05/2019